1st Story

# Ang Magandang Balita

The Great Announcement

# Ang magandang Balita

– 1st Story –



| | |
|---|---|
| Narrator | Isang araw, sa bayan ng Galilea sa Nazareth, mayroong isang babae na nagngangalang Maria na gumagawa ng mga ga-waing-bahay. Si Maria ay nakatakda ng ikasal sa isang lalaki na nagngangalang Jose, at Siya ay masaya na titigil na siyang gumawa ng mga gawaing bahay. Biglang, mula sa langit, isang maliwanag at makinang na bagay ang lumitaw! Mabilis itong gumalaw, at huminto mismo sa harap ni Maria! |
| Gabriel | Ang Diyos ay sumasaiyo Maria! |
| Maria | AAAAAAAHHHHH! |
| Narrator | Ito ay ang anghel ng Diyos |
| Gabriel | Ako si arkanghel Gabriel |
| Narrator | Si Maria ay hindi pa nakakakita ng anumang tulad ni Gabri-el, kung kaya't siya ay natakot. |
| Maria | G-Gabriel? Bakit ka naririto? At paano mo nalaman ang aking pangalan? |
| Gabriel | Huwag kang matakot Maria. Ako ay ipinadala ng Diyos para ihatid sa iyo ang isang mensahe. |
| Maria | Ako? |
| Gabriel | Oo! Ikaw. Ikaw ay naging tapat sa Diyos kung kaya't Siya ay iyong napasaya. May plano siyang baguhin ang iyong buong buhay··· .Sapagkat ngayon! Ikaw, Maria ay magbubuntis at magkakaroon ng isang sanggol. At kapag ipinanganak siya, pangalanan mo siyang Jesus. Ang sanggol na ito ay magig-ing napaka espesyal. Tatawagin siyang Anak ng Kataastaas-an. Pamumunuan Niya ang kanyang bayan at ang kanyang paghahari ay hindi matatapos |
| Maria | Ano!? Ngunit ... ngunit ... Hindi pa ako ikinakasal! Ako, hindi ako maaaring magkaroon ng anak na lalaki ngayon! Hindi! imposible ito! |
| Gabriel | Walang imposible sa Diyos. Alam niya na ikaw ay isang birhen. Alam niya na hindi ka kasal, ngunit sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ikaw ay magdadalang-tao. Sa pamam-agitan ng kapangyarihan ng Diyos ay magkakaroon ka ng anak. Iyon ang dahilan kung bakit si Jesus ay banal. |





| | |
|---|---|
| Maria | Ako? Magiging ina ng Anak ng Diyos? |
| Gabriel | Oo ikaw!!!!!!!!!! |
| Maria | Gagawin ko ito. Ako ay naglilingkod sa Panginoon. Kung ito ang Kanyang plano, kailangan itong mangyari. |
| Gabriel | Kahanga-hanga! Paalam! |
| Narrator | At dahil dito, iniwan ng anghel Gabriel si Maria ng mabilis kagaya ng kanyang pagdating.<br>Lumipas ang ilang oras, at tulad ng sinabi ni Gabriel, nabuntis si Maria. |
| Jose | Si Maria? Paano siya mabubuntis ?! Hindi ko siya maaari pakasalan |
| Narrator | Nang matutulog na si Jose nang gabing iyon, isang anghel din ang lumapit sa kanya. Sinabi ng anghel··· |
| Angel | Jose. Huwag kang mag-alala kung nagdadalang-tao si Maria. Wala siyang ginawang mali. Ang Banal na Espirito ang may gawa nito kung bakit siya ay nagdadalang-tao. Magkakaroon siya ng isang anak na lalaki, at ito ay tatawaging Jesus. Ililigtas niya ang mga tao sa kanilang mga kasalanan. Sinabi ng Diyos na kailangan mong pakasalan si Maria |
| Jose | Uh? Sige··· Sige po! |
| Narrator | Kinabukasan, nagising si Jose. Nang makita niya si Maria, masaya ito ng makita si Maria. |
| Jose | Maria! Kamusta Maria! |
| Maria | Kamusta Jose! |

"Ngunit habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon. Sinabi nito sa kanya, "Jose, anak ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria, sapagkat ang sanggol na dinadala niya ay mula sa Espiritu Santo." Mateo 1:20